

★Mga nilalaman ng pagsusuri at mga paalala (Mangyaring tignan ang mga item na iyong susuriin)

Karaniwang paalala	- Mag suot ng damit na madaling hubarin. - Iwasan ang paglagay ng nail polish, sobrang make-up at tatanggalin ang mga alahas o aksesorya/accessories. - Kung kinakailangan ng tulong o assistant ay magsama ng isang kasama. - Ang isang buntis o may posibilidad na buntis ay hindi pupwede sumailalim sa isang pagsusuri.
Mga mandatoryang aytem	※Kung may mga paalala sa iyong ticket o papel, mangyaring basahin din ang mga ito.
Blood Test	Iwasan ang pagkain bago ang pagsusuri kung sa umaga ang check-up, (iwasan ang tanghalian). Hanggang sa oras ng pagsusuri at bawal uminom ng kahit ano maliban sa tubig o tea. ※Para sa mga sasailalim sa Gastric Cancer Screening pakitignan ang column para sa gastric cancer screening/pagsusuri sa kanser sa tiyan.
Urinalysis/Urine Test	- Pagkagising na pagkagising sa umaga sa mismong araw ng pagsusuri, kailangan kumuha ng sample ng ihi. - Sa paglalagyan nito paki sulat ng iyong pangalan at kasarian.
Lung Cancer Screening	Mangyaring magsuot ng plain na T-shirt/(Walang disenyo). Bawal ang inner wear tulad ng bra-top, mga plastic na butones, metal na lock ng bra, lace, o iba pang palamuti sa damit.
Colon Cancer Screening/ pagsusuri sa kanser sa bituka	- Ang pagkuha ng sample ng dumi, simula 4 na araw bago ang araw ng pagsusuri. Kumuha ng 2 sample sa loob ng 2 magkaibang araw (2 day method). Pagkatapos ay itago sa malamig na lugar tulad ng refrigerator. - Huwag kumuha ng sample kung ikaw ay may regla. - Kung isa lang ang nakuha niyong sample o wala ay paki dalhin pa rin ang lahat ng halagayan sa araw ng pagsusuri at ipaalam sa staff.
Opsyonal na pagsusuri	※Ang mga pagsusuring ito ay para lamang sa mga may edad na nagtatapos sa even number (hal. 30,32,34, atbp). Base sa kanilang edad sa April 1 ng kasalukuyang taon.
Gastric Cancer Screening (Barium) 【Sa hindi pupwede sumailalim】 - Mga nakapag opera sa bahagi ng tiyan (stomach resection) - Ang mga may nakaraang matinding allergy sa barium contrast agent. 【Sa mga nangangailangan ng ibayong PAG-IINGAT】 - Sa mga nahihirapang lumunok o madaling mabulunan (panganib sa aspirasyon) - Sa may malalang tibi o constipation (panganib sa bowel obstruction) - Sa mga hindi kayang tumayo o sumuporta sa sariling timbang (panganib sa pagkatumba)	Hapunan hanggang 10:00 PM. (Maaari pang uminom ng tubig bago matulog, ngunit bawal ang ALAK). - Sa araw ng pagsusuri 2 oras bago ang screening ay pupwede pang uminom ng 200ml o 1 basong tubig. Huwag nang kumain, o ngumuya ng chewing gum, o manigarilyo. ※Para sa mga may gamot sa high blood o sakit sa puso, inumin ito gamit ang kauting tubig (hanggang 200ml) hanggang 2 oras bago ang pagsusuri. Huwag inumin ang gamot sa diabetes o insulin bago ang check-up. Para sa iba pang gamot, makipag-ugnayan sa doctor. - Magpapalit ng damit para sa screening sa loob ng medical vehicle. - Pagkatapos ng screening, huwag kalimutang inumin ang laxative (gamot pampadumi) na binigay sa iyo.
Breast Cancer Screening (Even ladies course)	- Ang mga kasalukuyang nagpapasuso o wala pang 6 months mula nang itigil ang breast feeding ay hindi pupwede sumailalim sa pagsusuri ito. - Bukod sa kondisyon binanggit sa itaas no.1, maaari pang magkaroon ng ibang dahilan kung bakit ka pwedeng suriin. Mangyaring basahin ang likod ng iyong Breast Cancer Screening Ticket para sa karagdagang detalye. 『乳腺検診受診票』 ※May mga ibang pasyente sa loob (mga babae) na makakasama habang naghihintay ay magdala ng sariling panakip sa katawan o cardigan kung kinakailangan.
Cervical Cancer Screening (Even ladies course) 【Sa mga hindi pupwede sumailalim】 - Sumailalim na sa operasyon ng pagtanggal ng buong raddah o matres. - Sa mga wala pang karanasan sa pakikipagtalik.	- Kung sakaling may regla o menstruation sa araw ng pagsusuri ay hindi makukunan ng sample ng cells. Mangyaring makipag-ugnayan para baguhin ang schedule ng appointment. Tumawag bago o sa mismong araw ng pagsusuri. - Dahil walang pasilidad para sa kaukulang pag-iingat sa pagdurugo sa mga pangkalahatang screening na ito, ang mga wala pang karanasan sa pakikipagtalik ay HINDI maaaring sumailalim dito. Kung nais mo talagang magpasuri, mangyaring mag-aaply nang direkta sa isang ospital o institusyong medical. Mababa ang posibilidad na magkaroon ng kanser sa cervix (ang mga walang karanasan sa pakikipagtalik dahil ito ay karaniwang sanhi ng HPV virus).
Prostate Cancer Screening	Pagsusuri sa dugo (blood test).

Mga pangkalahatang alituntunin (IMPORTANT RULES)

- Ang **jushinken/ticket** ay magagamit lamang ng **isang beses**. Kung ito ay nagamit na sa ibang check-up, hindi na ito tatanggapin ulit.
- Sa mga pagsusuri ng lungsod, maaari lamang kunin ang parehong aytem ng pagsusuri ng isang beses sa loob ng isang taon (o isang beses kada 2 taon) para sa ilang particular na aytem. Mangyaring mag-ingat upang maiwasan ang dobleng pagsusuri.
- Kung nais mong **mag-cancel** ng iyong **appointment o magbago ng mga optional items**, mangyaring **makipag-ugnayan nang maaga**.

Impormasyon para sa pakikipag-ugnayan (Contact Info)

Para sa mga katanungan at iskedyul, tumawag lamang sa...

Toyokawa City Health Promotion Division, Health Management Section Tel: 0533-95-4802

*Para sa katanungan tungkol sa Examination Ticket, tumawag lamang sa...

Insurance and Pension Division, Health Check-up Tel: 0533-95-0232